

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inilulunsad ng Lungsod ng Brampton ang ikatlong taunang Programang Backyard Garden sa Pebrero 2

BRAMPTON, ON (Pebrero 2, 2022) – Sa araw na ito, matagumpay na inilulunsad ng Lungsod ng Brampton ang pagbabalik ng Programang Backyard Garden para sa ikatlong taon nito. Ang inisyatibang ito na nakakabuti sa kapaligiran ay nakakatulong sa pagsuporta sa seguridad ng pagkain sa ating lungsod sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga kalahok ng libreng lupa, butil at nakakatulong na tip para magtanim sa kanilang sariling hardin.

Ang Programang Backyard Garden ay humihikayat sa mga residente na magpatubo ng pananim at mga herb at i-donate ang kanilang mga ani na pinalaki sa bahay sa mga lokal na food bank at mga organisasyon ng komunidad.

Maaaring online na magpatala ang mga residente para makatanggap ng libreng mga butil at lupa simula sa araw na ito, Febrero 2 sa www.brampton.ca/backyardgarden. Ang mga litrato sa mga backyard garden ng taon na ito, mga tip sa paghahardin, tutorial at mga resource ay makikita rin sa webpage. Maaaring gamitin ng mga residente ang hashtag na #BramptonBackyardGarden para ibahagi ang kanilang mga hardin sa social media.

Ang programang ito ay sumusuporta rin sa pokus ng [Mayor's COVID-19 Social Support Task Force](#) sa seguridad ng pagkain, muling pinapatunayan ang prayoridad ng Lungsod na pagiging sustenableng Luntiang Lungsod, at nagtataguyod sa kabutihang pangkaisipan at pisikal ng mga residente.

Sa taon na ito, ang programa ay ipinagmamalaking itinataguyod ng Scotts Canada Limited. Nagpapasalamat ang Lungsod sa mga tagasuporta ng programa nito, kabilang ang Mattamy Homes, Paradise Developments, Fieldgate Developments at TACC Holborn Corporation.

My mga tanong? Mag-email sa BramptonGreenCity@brampton.ca.

Backyard Garden Club e-newsletter

Sumali sa aming buwanang Backyard Garden Club e-newsletter, sa pakikipagtulungan ng Brampton Horticultural Society at ng Chinguacousy Garden Club! Bukas sa lahat ng mga mahihilig sa paghahardin, ang mga miyembro ay tatanggap ng buwanang e-newsletter na may impormasyon sa paghahardin, mga pagkakataon na magpadala ng mga tanong, payo sa paghahardin at suporta mula sa mga eksperto at mga partner ng komunidad, eksklusibong mga alok, at mas marami pa.

Bisitahin ang www.brampton.ca/backyardgarden para mag-register para sa Club.

Background

Halos 7,000 libra ng ani ang ibinigay sa mga residenteng nangangailangan sa pamamagitan ng mga lokal na food bank at mga organisasyon ng komunidad mula Abril hanggang Oktubre 2021 sa panahon ng ikalawang taunang Programa sa Backyard Garden ng Lungsod.

Ang Programa sa Backyard Garden ng Brampton ay inilunsad noong Abril 2020 bilang una sa uri nito sa Canada, bilang tugon sa COVID-19. Ito ay isang ekstensyon ng umiiral na programa sa mga Hardin sa Komunidad ng Lungsod.

Mga Quote

“Ipinagmamalaki naming ilunsad ang ikatlong taunang Programa sa Backyard Garden ng Brampton. Sa loob ng nakalipas na dalawang taon, pinagsasama-sama ng programa ang ating komunidad sa pamamagitan ng paghardin, sinuportahan ang seguridad sa pagkain para sa mga residenteng nangangailangan, at pinapanatiling aktibo ang mga kalahok outdoor. Hinihikayat ko ang mga bagong kalahok na magpatala para sa mga butil at lupa, at magbigay sa taon na ito!”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Programang Backyard Garden ng Brampton ay naging isang malaking tagumpay sa takbo ng dalawang taon, at excited akong suportahan ang inisyatibang ito para sa ikatlong taon. Sa nakalipas na taon, nakapagbigay tayo ng 7,000 librang ani sa mga residenteng nangailangan nito sa pamamagitan ng mga food bank na nasa Brampton at mga organisasyon ng komunidad. Maghardin tayo at magbigay, Brampton!”

- *Doug Whillans, Konsehal ng Lungsod, Wards 2 at 6; Chair, Backyard Garden Program, Lungsod ng Brampton*

“Ikinagagalak ng Lungsod na suportahan ang Programang Backyard Garden sa taon na ito. Kinikilala at pinapasalamat ng Lungsod ang mga isponsor at tagasuporta nito na sumuportang isabuhay ang mahalagang luntiang inisyatibang ito. Magpatala para sa libreng mga butil at lupa ngayon sa www.brampton.ca/backyardgarden.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](https://twitter.com/Brampton), [Facebook](https://www.facebook.com/Brampton), at [Instagram](https://www.instagram.com/Brampton). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca



Media Release

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca

